A MESSAGE OF CHALLENGE

Isang maganda at mapagpalang umaga sa ating lahat. Tayo ngayon ay naririto upang salubungin ang isang panibagong yugto sa makulay na kasaysayan ng Lungsod Agham ng Muñoz. Bagamat ako po ay nakatakda nang bumaba sa aking puwesto bilang Punong Lungsod ay lubos akong nagagalak sapagkat ang papalit sa akin ay walang iba kundi ang Ama ng *Science City of Muñoz* at aking pinakamamahal na kapatid, Kgg. Efren Lazaro Alvarez.

Ang kanyang pagbabalik ay testamento ng patuloy ninyong pagtitiwala sa pamilya Alvarez at paniniwala sa aming kakayahan at uri ng pamamahala. Naging masalimuot at mahirap ang nakaraang halalan, puno ito ng intriga at maduming mga pamamaraan na amin namang napagtagumpayan dahil sa inyong tulong at suporta.

Ang aming pasasalamat ay buong puso naming ipinararating sa inyong lahat at asahan ninyo na hindi kami hihinto sa paghubog at pagtataguyod ng mga proyekto at programang magpapaunlad sa ating lungsod.

Sa loob ng siyam na taon o halos isang dekada kong panunungkulan bilang Punong Lungsod ay lalo kong naisapuso at naramdaman ang mga hinaing at pasakit ng ating mga kababayan. Ang mga panahong ito ay ginugol ko upang masagot ang mga suliraning ito at mabigyan natin ng pagkakataon ang lahat na maranasan ang kasaganaang unti-unti nating natatamo.

Hindi man naging madali ang mga prosesong pinagdaanan natin upang maging mas bukas ang pamahalaang lungsod sa pangangailangan ng mamamayan ay tunay naman na lalong nabuksan

ang aking pananaw na subukan ang iba't-ibang mga pamamaraan upang maisulong ang pag-unlad ng Muñoz.

Isa na sa mga pamamaraan na ating ginamit ay ang pagsusulong ng mga programa sa ilalim ng *United Nations Millennium Development Goals*, isang pandaigdigang inisyatiba na kung saan ay naging bahagi tayo ng mga *pilot cities* dito sa Pilipinas. Dahil dito ay lubos tayong nakilala hindi lamang sa ating lalawigan kundi sa buong bansa at maging sa ibayong dagat. Patunay na rito ang iba't-ibang mga parangal na ating tinamo sa ngalan ng pagsusulong ng *UN-MDGs.* Lumawak ang ating naging koneksiyon sa mga organisasyon na ating mahihingan ng suporta at magiging katuwang sa pagpapatupad ng mga makabuluhang proyekto. Binuhay natin ang konsepto ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan na siyang lalo pang nagpatibay sa ating pamamahala.

Ang lahat ng programa at proyektong isinagawa namin ay nakaugnay sa pagpapatupad ng *UN-MDGs.* Sa tulong at suporta ninyo at ng mga kasaping ahensiya ng *Muñoz Science Community* ay naitaguyod natin ang maraming proyekto sa imprastraktura, edukasyon, agrikultura, ekonomiya, pangkabuhayan, kalusugan at iba pa.

Ang pagpapalawig nito ay kinakailangan upang matupad ang iisang layunin na matugunan ang suliranin ukol sa kahirapan at iba pang problemang panlipunan. Ang ating mga pagpupunyagi ay nakatulong upang tayo ay kilalalnin bilang isa sa pinakamahusay sa pagpapatupad ng *MDGs* sa buong bansa. Isang karangalang dapat nating ipagmalaki at gawing inspirasyon sa pagsusulong pa ng mas makabuluhang mga programa.

Marahil hanggang ngayon kayo ay nagtataka kung bakit sa aking administrasyon ay naging agresibo ako sa kampanya sa promosyon at pagpapalawig ng programang sining at kultura. Ito ay dahil sa aking

matibay na paniniwala na nag-uugat ang paglakas at pagyabong ng pundasyon ng lipunan sa kultura na kanyang ginagalawan.

Na malaki ang maitutulong ng isang likha o gawang sining sa pagpapaalala sa atin ng ating kultura. Isang kulturang unti-unti nang nawawala dahil sa adbento ng makabagong teknolohiya. Ang pagpreserba ng kultura ay hindi na bago, ito ay ginagawa hindi lamang dahil sa luho o anuman kundi ito ay esensiyal. Isang pamayanang hungkag sa mga yamang sining at kultura ay hindi magiging buo at mahihirapan sa paghahanap ng kanyang pagkakakilanlan. Isang *cultural identity* na ating maipagmamalaking maihanay sa ating distingksyon bilang nag-iisang *science city* sa buong Pilipinas.

Isa rin itong makabagong pamamaraan ng turismo at promosyon ng ating mayamang lungsod. Bilang ating pangunahing *promotional tool*, naisabuhay ng *Bungkos Palay Dance Company* ang mga layunin at maipagmamalaking yamang ng ating lungsod. Ang pagbubuklod ng agham agrikultural at teknolohiya at ng sining at kultura ay nakapagbigay sa atin ng karangalan bilang isang progresibong *resource city* ng *Millennium Development Goals.*

Ang hamon na maipagpatuloy at maiangat pa ang *Science City of Muñoz* sa mas mataas na antas ng progreso at kaunlaran ay nakasalalay ngayon hindi lamang sa mga balikat ng aking pinakamamahal na kapatid kundi sa ating lahat. Ang Muñoz ay sa atin at bilang mga mamamayan nito dapat nating tandaan na anumang progreso na ating makakamtan ay tayo rin ang makikinabang.

Magsama-sama tayo at magtulungan, iwaksi natin ang anumang mga di pagkakaunawaan at mga pinagtatalunan. Ito ang tamang panahon ng pagkakapit-bisig, isang bagong panimula na inaasahan kong haharapin nating lahat ng buong puso at sigla.

Sa pamumuno ni Kgg. Efren Lazaro Alvarez, ang Ama ng *Science City of Muñoz*, tatahakin natin ang masukal na daan patungo sa kaunlaran. Ang kanyang kakayahan at karanasan ang siyang gagabay sa atin sa paglikha, paghubog at pagpapatupad ng mga makabuluhang programa at proyekto na alam kong makatutulong ng malaki sa ating mga mamamayan.

Nasubukan na nating lahat ang kanyang pamumuno noon pa at alam kong marami pa siyang magagwa para sa ikagaganda n gating lungsod. Ang kanyang pagmamahal sa Muñoz ay hindi matutumbasan ng anumang kayamanan at tayo ay mapalad na siya ay nagbabalik upang muli tayong pamunuan.

Sa lahat ng nag-ambag ng tulong, suporta, gabay at pagmamahal sa halos isang dekada kong panunungkulan at pakikipagsapalaran, maraming maraming salamat sa inyong lahat. Ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mamamayan ng Muñoz, hinding hindi ko makakalimutan ang ibinigay ninyong walang sawang suporta sa akin at tinatanaw kong isang malaking utang na loob sa inyo ang pagbibigay sa akin ng tatlong termino bilang Punong Lungsod.

Ang aking pagbaba sa puwesto ay hindi nangangahulugan na ako ay lilisan na sa serbisyo publiko. Aalis lamang ako bilang *City Mayor* ngunit magpapatuloy akong tumulong sa abot ng aking makakaya upang maging mapayapa at matagumpay ang panunungkulan ng ating Punong Lungsod. Alam kong tayo ay nasa mabuting kamay sapagkat subok na natin ang kagalingan at kahusayan sa pamumuno ng aking minamahal na kapatid.

Muli, iiwan ko ang aking buong pusong pasasalamat sa inyong lahat. Mabuhay ang *Science City of Muñoz!* Mabuhay tayong lahat! Sama-sama nating salubungin ang ating bagong Punong Lungsod, Kgg. Efren Lazaro Alvarez!